# REBYU NG MGA KURIKULUM SA FILIPINO NG SEKUNDARYANG EDUKASYON: MULA ELCS, AT MELCS, TUNGONG MATATAG KURIKULUM

*by:*
**Adam Helson G. Elardo**
*Teacher III, St. Francis National High School*

Totoo ngang walang permanente sa mundong ito.

Kung tutuusin, ganito rin sa sistema ng edukasyon. Ang patuloy na pagbabago ng panahon ay nagbubunga rin ng pagbabago sa pangangailangan ng mundo, ng bansa, at ng lipunan. Dahil dito ang isang mamamayan ay kailangang makaagabay sa pagbabagong dala ng globalisasyon.

Ang Kagawaran ng Edukasyon, bilang isa sa mga ahensya ng gobyernong tutugon sa hamong ito ay kailangang bumuo ng positibong hakbang para dito. Upang ang pagkatuto ng mga mag-aaral ay makasabay sa pangangailang magkaroon hindi lamang ng pambansang identidad kundi maging global man, ay nagkaroon ng pagbabago sa sistema ng edukasyon sa Pilipinas. Ang pagrebisyon ng kurikulum ang nakikitang paraan ng Kagawaran upang makasabay sa lokat at global na mga isyu at hamon.

Isa ito sa mga ugat ng pagsilang ng K to 12 Curriculum sa bansa noong 2012. Sa katunayan, pangkalahatang layunin sa programang ito na makahubog ng mga mag-aaral na pasok sa kuwalipikasyong lokal at global na industriya at larang. Kaalinsabay nito ang pagtuturo gamit ang mga kasanayang nakabatay sa Essential Learning Competencies (ELCs) mula sa Curriculum Guide o Gabay sa Kurikulum mula sa Kagawaran. Sa Filipino, pangkalahatang layunin na ang mga mag-aaral (bilang sentro ng pagtuturo-pagkatuto) ay maging buo at ganap na Pilipinong may kapaki-pakinabang na literasi. Ibig sabihin, hindi sapat na ang mga mag-aaral ay marunong lamang bumasa at sumulat.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Kailangang ang mga kasanayang ito ay magamit nila sa ikauunlad ng lipunan at sa tunay na buhay.

Ngunit tulad ng nabanggit na, walang permanente sa mundong ito.

Kung hamon lang din naman ang pag-uusapan. Wala na sigurong hihigit pa sa hamong dala ng pandemya nang ang Covid-19 ay tumama sa bansa noong 2020. Ayon sa UNESCO (2020), ang pandemya na ito ay nagkaroon nang malaking epekto sa sistema ng batayang edukasyon sa bansa nang pumalo ng 87% o 1.5 bilyong mag-aaral ang naapektuhan sa pagsasara ng maraming paaralan sa buong mundo. Sa kabila nito, kaakibat ang Kagawaran ng Edukasyon sa pamamagitan ng Bureau of Curriculum Development Division, at kolaborasyon ng Assessment Curriculum and Technology Research Centre (ACTRC) sa hangaring maipagpatuloy ang paghahatid ng kalidad na edukasyon sa kabila ng krisis pangkalusugan ay binuo at ipinatupad noong taong-panuruan 2020-2021 ang Most Essential Learning Competencies (MELCs). Batay sa alituntuning ibinaba ng Kagawaran, pokus ng MELCs na ituro ang pinakamahahalagang kasanayan na dapat matutuhan ng mga mag-aaral. Upang ito ay maisakatuparan, kinailangan na bawasan, pagsamahin, at baguhin ang mga kasanayan mula sa ELCs tungong MELCs nang hindi nawawala ang katangiang: nakabatay sa lokal at nasyonal na pamantayan, naiuugnay ang konseptong sa iba pang content areas, makatotohanan kahit sa labas ng paaralan, at nagagamit sa totoong buhay. Ginamit ang MELCs upang maging tulay sa pagpapatuloy ng edukasyon sa bansa.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Kung lilimiin at susuriin, magkatulad din naman ang mga nilalaman ng dalawang kurikulum na ito. Nagkaiba lamang ang mga ito sa dami ng mga kasanayang nakapaloob ngunit dahil ang MELCs ay nagmula sa ELCs ay halos magkapareho ang nilalamang mga kasanayan ng mga ito. Gayunman, kapansin-pansin ang pagbabago ng kurikulum upang mapunan ang pangangailangan ng pagbabago ng mundo.

Kaya hindi nakagugulat ang muling pagbabagong naganap.

Sa pangunguna ng Pangalawang Pangulo Sara Duterte na siya ring kalihim ng Kagawaran ay inilunsad ang MATATAG Kurikulum na kilala ring "Matatag K-10" na nakapokus sa mga pundamental na kasanayan ng mga mag-aaral. Mula ELCs at MELCs ay kapansin-pansin pagbabawas ng nasa 70% kasanayan dahil ayon sa kalihim ay paulit-ulit lamang ang mga kasanayang naririto. Dagdag pa, nanatili rin ang Mother Tongue Based na mga asignatura na ipinasok sa five core subject sa unang baitang na nakasentro sa literasi at numerasi. Sisimulan ding pag-aralan sa Baitang 1-3 ang asignaturang "Makabansa" na tatalakay sa sining. Kultura, lipunan, kasayasyan, physical education at kalusugan at magiging Araling Panlipunan, Technology and Livelihood Education, at Music, Arts and Physical Education sa Baitang 4-10. Dagdag pa ang good manners and right conduct sa Baitang 1-3 na magiging Values Education sa Baitang 4-10. Bago rin ang Peace Education na tatalakay sa kahandaan sa trahendya, sakuna at kalamidad, maging human security. Samantala, dahil bago pa lamang ang kurikulum sa Senior High School ay wala ritong binago.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Batay sa MATATAG Kurikulum,upang maging lubusan ang pagtuturo ng Filipino ang mga pangunahing ideya sa Literasi, Wika, at Teksto (LWT) ang magiging pangunahing balangkas. Tuon sa kurikulum ang mga pangangailangan ng mga mag-aaral sa pagkatuto at paggamit ng wika, teksto at teknolohiya at mga batayang kaalaman hinggil sa pagtatamo ng wika at pagsusuri ng teksto.

Maliban sa mga ito, ano pa ang tiyak pagbabago sa nilalaman, mula ELCs at MELCs tungong MATATAG Curriculum sa Filipino antas sekundarya pagdating sa Batayang Konseptuwal, Pangunahing Pamantayan sa Pakatuto o Core Learning Area Standards, Pamantayan sa Bawat Yugto o Key Stage Standards at Pamantayan sa Bawat Baitang o Grade Level Standards nang sa gayon ay maging malalim at tiyak ang pag-unawa rito?

Batayang Konseptuwal

Makatutulong nang malaki sa maraming mambabasa at guro ang pagkakaroon ng presentasyong biswal upang maging madaloy at maayos ang paglalatag ng impormasyon. Naisakatuparan ito gamit ang Batayang Konseptuwal (BK).

Tatlo ang pangunahing layunin sa pagtuturo ng Filipino sa ELCs/MELCs ayon sa BK: malinang ang (1) kakayahang komunikatibo, (2) replektibo / mapanuring pag-iisip, at (3) pagpapahalagang pampanitikan ng mga mag-aaral; Samantala, isinaalang-alang sa kurikulum ng Filipino batay naman sa MATATAG Kurikulum ang malalaking tipak ng pag-unawa sa: (1) Teksto, (2) Wika, at (3) Literasi para sa lubusang pagkatuto. Nagbago at pinalitan man ang mga salitang ginamit ay mababanaag na magkahalintulad pa rin ang mga konsepto mula rito na nakatuon sa kakayahan ng mag-aaral na mag-isip, sumuri at magpaghalaga ng iba't ibang panitikan at magamit ang natutuhan sa mabisang komunikasyon.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Nagkaroon man ng pagbabago sa Batayang Konseptuwal ng dalawang kurikulum sa Filipino ay mabubuod pa rin ang magkaparehong tunguhin ng dalawa – ang humubog ng ganap at buong Pilipinong may kapaki-pakinabang na literasi.

Pangunahing Pamantayan sa Pakatuto o Core Learning Area Standards

Halos magkatulad ang tuon ng Pangunahing Pamantayan sa Pagkatuto o Core Learning Area Standards ng ELCs/MELCs at ng MATATAG Curriculum kung saan ang layunin ay maipamalas ng mag-aaral ang mga kakayahang komunikatibo, mapanuring pag-iisip, at pagpapahalagang pampanitikan.

Lamang, ang kapansin-pansin na nagbago sa pagtuturo ng panitikan sa antas sekundarya ay ang lunsarang literatura nito. Sa ELCs/MELCs ang ginagamit sa pagtuturo ay iba't ibang akdang pampanitikang panrehiyunal, pambansa, saling-tekstong Asyano, at pandaigdig samantalang sa MATATAG Kurikulum ay pokus na lamang sa panitikang

panrehiyon at pambasa, hindi kasama ang saling-panitikang Asyano at pandaigdig. Epekto ito marahil ng adbokasiya ng Kagawaran na ang mga mag-aaral ay maging "Batang Makabansa, Makabansang Bata", lalo na't may haplos ng nasyonalismo at pagkamakabayan ng maraming panitikang Pilipino.

Pangunahing Pamantayan sa Bawat Yugto (Key Stage Standards) at Pamantayan sa Bawat Baitang (Grade Level Standards)

Nakasaad sa K to 12 Gabay Pangkurikulum sa Filipino na sa dulo ng Baitang 10, naipamamalas ng mag-aaral ang kakayahang komunikatibo, replektibo/ mapanuring pag-iisip at pagpapahalagang pampanitikan sa tulong ng mga akdang rehiyonal, pambansa at salin-tekstong Asyano at pandaigdig upang matamo ang kultural na literasi.

Samantala, batay naman sa Pinagyamang Gabay Pangkurikulum sa Filipino para sa K to 10 na sa dulo ng Baitang 10, naipamamalas ng mga magaaral ang kasanayang komunikatibo, pagiging malikhain at kritikal na pag-unawa ng mga tekstong nasusulat, mga Obra Maestra, at tekstong biswal gamit ang wikang Filipino bilang wikang intelektuwal na masasalamin ang multilingguwal at multikultural na literasi patungo sa paglikha at presentasyon ng tekstong multimodal na upang malinang ang kasanayan sa pag-unawa at pagsusuri ng mga teksto na taglay ang literasi na natamo sa unang yugto at ang kasanayan sa wika mula sa ikalawang yugto para maging sandata sa pagiging makabansa at global na mamamayan.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Tunguhin ng ELCs/MELCs na ang mga mag-aaral ay magkaroon ng kultural na literasi. Ito ay maisasakatuparan kung ang guro ay maalam din sa kulltura hindi lamang ng kanyang sariling bayan at rehiyon kundi maging ng mga dayuhang bansa, dahil ayon sa K to 12 Gabay Pangkurikulum sa Filipino ay gagamiting lunsaran ang mga panitikan hindi lamang sa Pilipinas kundi maging sa mga karatig na bansa nito. Kung susumahin, dalawang taon sa sekundarya upang pag-aralan ang mga ipinagmamalaking panitikan sa Pilipinas at dalawang taon din sa panitikan ng ibang bansa.

Ito ang isa sa malaking pagbabago ngayon sa MATATAG Kurikulum. Kung noon ay tinatalakay sa Baitang 7 ang panitikang panrehiyonal ngayo'y naging panitikan sa Panahon ng Katutubo hanggang sa Panahon ng Pananakop ng Espanya; sa Baitang 8 naman, mula panitikang Pambansa ay naging mga piling panitikan sa Panahon ng Propaganda hanggang sa Panahon ng Pananakop ng Hapon; sa Baitang 9 ay saling-tekstong Asyano tungong mga panitikan sa Panahon ng Kasarinlan hanggang sa Panahon ng Bagong Milenyo; at sa Baitang 10 naman ay saling-tekstong Pandaigdig tungong Panahon ng Kontemporaneo/Makabagong Panahon. Maliban sa mga obra-maestrang Ibong Adarna, Florante at Laura, Noli Metangere, at El Filibusterismo na hindi naman binago.

Kapansin-pansin ang pagbabago sa lapit ng pagtuturo ng Filipino antas sekundarya. Kung noon, ang tuon ay "Geograpikal" (ibig sabihin ay mga panitikan sa iba't ibang lugar, mula lokal hanggang pandaigdig man) ngayon ay nakatuon na sa "Panahon" (ibig sabihin ay mga panitikan sa iba't ibang panahon, mula katutubo hanggang kasalukuyang panahon).

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Ano ang implikasyon nito sa pagtuturo ng panitikan sa mag-aaral? Magiging pokus ng aralin ang mga pinagmamalaking panitikang pambansa. Dahil babad ang mga mag-aaral sa Panitikang Filipino ay magreresulta ito sa higit na kamalayan ng mga mag-aaral sa naging ambag ng panitikan sa kasaysayan at kasarinlan ng bansa na magbubunga sa pagkanasyonalismo ng batang mag-aaral. Magbubukas din ito ng isipan ng mga mag-aaral sa kung anong klaseng kultura at sistema ang mayroon sa panahon kung kailan man isinilang ang partikular na akda. At higit sa lahat ay makikita ng mga mag-aaral ang impluwensya at kapangyarihan ng Panitikang Filipino.

Sa ganang akin, mistulang pilit ang pagtuturo ng panitikan mula sa mga karatig na bansa sa asignaturang Filipino. Sa aking palagay, higit na magiging epektibo ito kung hahayaan na lamang ituro sa asignaturang English ang mga Asian, at World Literature. Bakit? Una, hindi magiging redundant ang pagtuturo ng panitikan dahil itinuro na sa English ay

ituturo rin sa Filipino. Pangalawa, dahil ang katotohanan, sa proseso ng pagsasalin ay may maiiwan at maiiwan na diwa mula sa orihinal na akda. At kung hindi magiging maayos ang salin ay magbunga ng kawalan ng interes ng mag-aaral sa pagbasa ng akda. Pangatlo, hindi ganoon kahanda ang mga guro sa Filipino na ituro ang Asian at World Literature dahil hindi naman ito major subject sa antas tersyarsya. Kung mayroon man, ilang mga yunit lamang o dili kaya'y mga yunit sa antas masterado. Panghuli, may natatanging puso ang mga Panitikang Filipino na higit na mararamdaman ng isang Pilipinong mag-aaral kaysa mga dayuhang panitikan.

Totoo ngang walang permanente sa mundong ito. Dahil nagbabago ang panahon, magbabago rin ang pangangailangan ng lipunan. At sa pagbabagong ito, kailangang umagapay ng sistema ng edukasyon upang ganap na makaharap ang mga batang-mag-aaral sa dalang hamon ng mga transisyong ito. Ang mga guro, bilang pundasyon ng edukasyon ay dapat maging handa sa kakayahan na humubog ng mag-aaral na kayang umagapay sa mabilis na pagbabago ng panahon. Iisa ang tiyak, dahil nagbabago at magbabago pa ang panahon – ang kurikulum ay sasabay rito.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

*References:*

Department of Education. K to 12 Gabay Pangkurikulum sa Filipino (Baitang 1-10). 2016
Department of Education. K to 12 Most Essential Learning Competencies with Corresponding
CG Codes. 2020
Department of Education. MATATAG Kurikulum sa Filipino (Baitang 2-10). 2023
https://deped.gov.ph/2023/01/30/matatag-depends-new-agenda-to-resolve-basic-education-woes/https://remate.ph/matatag.ph/matatag-curriculum-ikinasa-na-ng-deped/